
2

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan – Modyul 9.2: Solving Problems Using Data in a Pictograph



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 9.2: Solving Problems Using Data in a Pictograph**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Milky Joy B. Anasan |
| **Editor:** | Marites G. Ancheta |
| **Tagasuri:** | Emelita DT. Angara |
| **Tagaguhit:** | Milky Joy B. Anasan |
| **Tagalapat:** | Milky Joy B. Anasan |
| **Tagapamahala:** | |
| | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Erleo T. Villaros PhD |
| | Estrella D. Neri |
| | Milagros F. Bautista PhD |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

| | |
|---|---|
| Office Address: | Matalino St. Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P) |
| Telefax: | (045) 598-8580 to 89 |
| Email Address: | region3@deped.gov.ph |

2

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan–Modyul 9.2: Solving Problems Using Data in a Pictograph

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Matematika 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Solving Problems Using Data in a Pictograph.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Matematika 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Solving Problems Using Data in a Pictograph.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

*Sanggunian* — Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay may mga gawain na susukat at lilinang sa iyong kaalaman tungkol sa paggamit ng talahanayan ng larawan.

Dagdag pa rito, pagkatapos ng aralin sa modyul na ito ay inaasahang matatamo mo ang sumusunod na kasanayan:

- solves routine and non-routine problems using data presented in a pictograph without and with scales. (M2SP-IVi-4.2)

## Subukin

Panuto: Gamitin ang talahanayan ng larawan sa pagsagot ng mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Mga Punong-kahoy na Itinanim ng mga Batang Scout**

| Punong-kahoy | Bilang |
|---|---|
| Narra |  |
| Ipil-ipil |  |
| Paper Tree |  |
| Mahogany |  |

Pananda:  = 3 Punong-kahoy

1. Ilang Narra ang itinanim ng mga Batang Scout?
   A. 9 B. 12 C. 15 D. 18
2. Anong punong-kahoy ang pinakamaraming naitanim?
   A. Ipil-ipil B. Mahogany C. Narra D. Paper Tree
3. Ilan ang dami ng naitanim na Narra at Mahogany kaysa sa Paper Tree?
   A. 6 B. 7 C. 8 D. 9
4. Anong punong- kahoy ang pinakakaunting itinanim?
   A. Ipil-ipil B. Mahogany C. Narra D. Paper Tree
5. Kung pagsasamahin ang bilang ng naitanim na Paper Tree at Mahogany, ilan ang dami nito kaysa sa Narra?
   A. 10 B. 11 C. 12 D. 13




# Aralin 1 — Solving Problems Using Data in a Pictograph

Nahirapan ka ba sa panimulang pagtataya? Pamilyar ka ba sa paggamit ng mga datos o impormasyong nakalahad sa talahanayan ng larawan? May mga larawan o simbolo na ginagamit upang maglahad ng mga datos.

## *Balikan*

Sa nakaraang aralin ay natutuhan mong ilahad ang mga datos sa talahanayan ng larawan na may **scale** o wala. Bigyang pansin ang talahanayan ng larawan sa ibaba at sagutin ang mga tanong sa susunod na pahina. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Bilang ng mga Tanim na Bulaklak sa Hardin ni Sarah**

| Bulaklak | Bilang |
|---|---|
| rosas |  |
| daisy |  |
| yellow bell |  |
| sunflower |  |
| sampagita |  |

Pananda:  = 3 bulaklak

1. Anong bulaklak ang pinakamaraming tanim sa hardin ni Sarah?
   A. rosas B. daisy C. sampagita D. sunflower
2. Ilang bulaklak na sampagita ang tanim ni Sarah sa kaniyang hardin?
   A. 20 B. 18 C. 16 D. 14
3. Alin sa daisy at sunflower ang mas maraming tanim sa hardin ni Sarah?
   A. sunflower B. daisy C. magsindami D. wala
4. Kung pagsasamahin ang bilang ng rosas at daisy na bulaklak, ilan ang dami nito kaysa sa sampagita?
   A. 8 B. 10 C. 12 D. 14
5. Ilan ang dami ng tanim na yellow bell kaysa sa daisy?
   A. 4 B. 6 C. 8 D. 10






*Mga Tala para sa Guro*

Maaari muling ipaalala sa mga bata ang mga pangunahing operasyon tulad ng pagdadagdag o **addition**, pagbabawas o **subtraction**, at pagpaparami o **multiplication**. Ang kasanayan nila sa wastong pagkokompyut ay makatutulong sa pagsagot sa modyul na ito.

## Tuklasin

Ang talahanayan ng larawan o **pictograph** ay naglalahad ng mga datos gamit ang mga larawan o simbolo. Ang pananda ay ginagamit upang kumatawan sa bilang o dami ng bawat larawan. Halina't ating pag-aralan ang halimbawa sa ibaba.

**Paboritong kulay ng mga Tao**

| Kulay | Bilang ng Mag-aaral |
|---|---|
| dilaw |  |
| pula |  |
| asul |  |
| itim |  |

Pananda:  = 2 tao

Mga Tanong:

1. Anong kulay ang pinakapaborito ng mga tao?
2. Ilan ang may paborito ng kulay dilaw?
3. Ilan ang bilang ng may paborito ng kulay asul kaysa sa kulay pula?
4. Ilan lahat ang may paborito ng kulay dilaw, pula, asul, at itim?

5. Ilan ang bilang ng may paborito ng kulay dilaw kaysa pinagsamang kulay pula at itim?
6. Kung pagsasamahin ang bilang ng mga taong may paborito ng kulay asul at itim, ilan ang dami nito kaysa sa may paborito ng kulay pula?

## *Suriin*

Ang talahanayan ng larawan ay naglalahad ng mga datos na magagamit upang masagot ang mga suliranin o **word problems**. Ang mga **routine problems** ay ang mga suliranin na may agarang solusyon kahit walang **scale** o panukat. Ang mga **non-routine problems** naman ay nangangailangan ng pagsusuri at pag-unawa sa suliranin upang makuha ang tamang sagot.

Magagamit natin ang mga pangunahing operasyon tulad ng pagdadagdag (addition), pagbabawas (subtraction), at pagpaparami (multiplication) sa pagsagot ng mga suliranin.

Ngayon ay ating sagutin ang mga tanong sa tuklasin gamit ang mga datos na nakalahad sa talahanayan ng larawan.


- **Mga Halimbawa ng Routine Problems**

1. Anong kulay ang pinakapaborito ng mga tao?
   Sagot: <u>kulay dilaw</u>

Makikita sa talahanayan ng larawan na ang kulay dilaw ang may pinakamaraming larawang nakaguhit.


2. Ilang ang may paborito ng kulay dilaw?
Sagot: Walong tao
Solusyon: Mula sa talahanayan ng larawan ay may 4 na larawan ng tao sa tapat ng kulay dilaw.

a. Pagdadagdag (Addition)



2 + 2 + 2 + 2 = 8 tao

b. Pagpaparami (Multiplication)

 X 2 tao

4 X 2 = 8 tao

3. Ilan ang bilang ng tao na may paborito ng kulay asul kaysa sa kulay pula?
Sagot: Dalawang tao
Solusyon: May tatlong nakaguhit na larawan ng tao sa tapat ng kulay asul at dalawa naman sa tapat ng kulay pula.


a. Pagdadagdag (Addition)

Bilang na tao na may paborito ng kulay asul



2 + 2 + 2 = 6

Bilang ng tao na may paborito ng kulay pula



2 + 2 = 4


b. Pagbabawas (Subtraction)

6 – 4 = 2 tao

4. Ilan lahat ang may paborito ng kulay dilaw, pula, asul, at itim?
Sagot: 20 tao


Solusyon: <u>Bilangin ang lahat ng larawan sa talahanayan ng larawan. Tandaan na ang isang larawan ay katumbas ng dalawang tao.</u>

a. Pagdadagdag (Addition)



2 4 6 8 10 12 14 16 18 20

b. Pagpaparami (Multiplication)

 X 2

10 larawan X 2 = <u>20 tao</u>

- **Mga Halimbawa ng Non-Routine Problems**


5. Ilan ang bilang ng may paborito ng kulay dilaw kaysa pinagsamang kulay pula at itim?

   Sagot: <u>Limang tao</u>

   Solusyon: <u>Pagsamahin ang bilang ng mga tao na may paborito ng kulay pula at itim.</u>

a. Pagdadagdag (Addition)


Bilang ng tao na may paborito ng kulay pula + Bilang ng tao na may paborito ng kulay itim



4 + 2 = <u>6</u>

Ang sagot nito ay ibabawas sa dami ng tao na may paborito ng kulay dilaw.

b. Pagbabawas (*Subtraction*)

Bilang ng tao na may paborito ng kulay dilaw →  → 8

Pinagsamang bilang ng tao na may paborito ng kulay Pula at itim →  → 6

8 – 6 = 2 tao


6. Kung pagsasamahin ang bilang ng mga taong may paborito ng kulay asul at itim, ilan ang dami nito kaysa sa may paborito ng kulay pula?

   Sagot: Apat na tao

   Solusyon: Pagsamahin ang bilang ng mga tao na may paborito ng kulay asul at itim. Sa sagot nito ay ibabawas ang bilang ng may paborito ng kulay pula.


a. Pagdadagdag (Addition)

Bilang ng tao na may paborito ng kulay asul + Bilang ng tao na may paborito ng kulay itim

 + 

6 + 2 = 8 tao

Bilang na tao na may paborito ng kulay pula



2 + 2 = 4 na tao

b. Pagbabawas (Subtraction)

8 – 4 = 4 na tao

Ngayong alam mo na ang mga pamamaraan sa pagsagot ng mga suliranin gamit ang mga nakalahad na datos sa talahanayan ng larawan, subuking sagutin ang mga sumusunod na gawain upang higit mo itong matutuhan.

## *Pagyamanin*

**A.** Nagsagot ng takdang-aralin ang magkakapatid na sina Joy, Mariz at Ringo. Ang talahanayan ng larawan sa ibaba ay nagpapakita ng kanilang mga nasagutang takdang-aralin. Gamitin ang talahanayan ng larawan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Takdang-Aralin ng mga Magkakapatid**

| Magkakapatid | Bilang |
|---|---|
| Joy |  |
| Mariz |  |
| Ringgo |  |

Pananda:  = 2 takdang-aralin


Mga Tanong:

1. Sino sa magkakapatid ang may pinakamaraming takdang-aralin na sinagutan?
   A. Joy B. Mariz C. Ringgo D. wala

2. Ilang takdang-aralin ang sinagutan ni Ringgo?
   A. 2   B. 4   C. 6   D. 8
3. Kung pagsasamahin ang nasagutang takdang-aralin nina Joy at Mariz, ilan ito lahat?
   A. 6   B. 8   C. 10   D. 12
4. Kung pagsasamahin ang takdang-aralin nina Joy at Ringgo, ilan ang dami nito kaysa sa takdang-aralin ni Mariz?
   A. 5   B. 10   C. 15   D. 20
5. Ilan lahat ang takdang-aralin ng magkakapatid?
   A. 14   B. 16   C. 18   D. 20

**B.** Panuto: Gamitin ang talahanayan ng larawan sa pagsagot ng mga suliranin sa susunod na pahina. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Bilang ng mga Aklat ni Amy**

| Aklat | Bilang |
|---|---|
| Diksyunaryo |  |
| Matematika |  |
| English |  |
| Filipino |  |



Pananda:  = 3 na aklat

Mga Tanong:

1. Ilan ang diksyunaryo ni Amy?
    A. 15
    B. 12
    C. 9
    D. 6
2. Ano ang pinakamaraming aklat ni Amy?
    A. English
    B. Filipino
    C. Matematika
    D. Diksyunaro
3. Ano ang pinakakaunting aklat ni Amy?
    A. English
    B. Filipino
    C. Matematika
    D. Diksyunaro
4. Ilan ang dami ng pinagsamang aklat ni Amy na diksyunaryo at Filipino kaysa sa aklat na Matematika?
    A. 3
    B. 6
    C. 9
    D. 12
5. Ilan ang dami ng aklat na Matematika ni Amy kaysa sa pinagsamang dami ng kanyang aklat sa English at Filipino?
    A. 2
    B. 1
    C. 0
    D. 5

**C.** Si Brenda ay mahilig magkulay ng mga larawan sa tuwing wala siyang ginagawa. Gamitin ang talahanayan ng larawan sa pagsagot ng mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

### Mga Nakulayang Larawan ni Brenda

| Araw | Bilang |
|---|---|
| Lunes |  |
| Martes |  |
| Miyerkules |  |
| Huwebes |  |
| Biyernes |  |
| Sabado |  |
| Linggo |  |

Pananda:  = 5 larawan


Mga Tanong:

1. Anong araw may pinakamaraming nakulayang larawan si Brenda?
2. Anong mga araw ang parehas ang dami ng larawang nakulayan ni Brenda?

3. Ilang larawan ang nakulayan ni Brenda noong araw ng Lunes?
4. Gaano karaming larawan ang nakulayan ni Brenda noong Sabado kaysa noong Linggo?
5. Ilan ang dami ng nakulayan ni Brenda noong Lunes at Miyerkules kaysa noong Linggo?

**D.** Ang talahanayan ng larawan sa ibaba ay naglalahad ng dami ng aking kaibigang babae at lalaki sa aming barangay. Gamitin ito upang masagot ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Dami ng Kaibigan kong Babae at Lalaki**

| Kasarian | Bilang |
|---|---|
| lalaki |  |
| babae |  |

Pananda:  = 2 lalaki  = 3 babae

Mga Tanong:

1. Ilan ang bilang ng kaibigan kong lalaki?
2. Ilan ang dami ng kaibigan kong babae kaysa sa lalaki?
3. Ilan lahat ang aking kaibigan sa aming barangay?
4. Kung mayroon akong limang bagong kaibigan na lalaki, ilan na lahat ang aking kaibigan?
5. Mayroon ka rin bang kaibigan sa inyong barangay? Ilan sila lahat?

## *Isaisip*

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang angkop na salita na kukumpleto sa bawat pahayag sa ibaba upang mabuo ang diwa ng bawat pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa sagutang papel.



| | |
|---|---|
| routine problems | non-routine problems |
| pangunahing operasyon | numero |
| talahanayan ng larawan | larawan o simbolo |

1. Ang naglalahad ng mga datos gamit ang mga larawan o simbolo ay tinatawag na ________________.
2. Ang ginagamit upang kumatawan sa bilang o dami ng bawat larawan ay ________________.
3. Ang suliranin na nangangailangan ng pagsusuri upang makuha ang tamang sagot ay tinatawag na ________________.
4. Ang suliranin na may agarang solusyon ay tinatawag na ________________.
5. Sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa mga nakalahad na datos sa talahanayan ng larawan, kailangang mong gamitin ang ________________.

## *Isagawa*

Panuto: Gamitin ang datos na nakalahad sa talahanayan ng larawan sa ibaba sa pagsagot ng mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Paboritong Prutas ng mga Bata**

| Prutas | Bilang ng mga Bata |
|---|---|
|  pakwan |  |
|  mansanas |  |
|  abokado |  |

Pananda:  = 5 Bata






Mga Tanong:

1. Anong prutas ang pinakapaborito ng mga bata?
2. Ilang bata ang may paborito ng Pakwan?
3. Ilan ang dami ng bata na may paborito ng mansanas kaysa sa abokado?
4. Ilan ang dami ng mag-aaral ang may paborito ng pakwan at abokado kaysa sa mansanas?
5. Kung pagsasamahin ang bilang ng mga bata na may paborito mansanas at abokado, ilan ang dami nito kaysa sa may paborito ng pakwan?

# *Tayahin*

Ang mga mangingisdang sina Lino, Rene, Isko, Raprap, at Cardo ay nangisda sa dagat. Gamitin ang talahanayan ng larawan sa ibaba upang sagutin ang mga tanong sa susunod na pahina. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

**Mga Nahuling Isda ng mga Mangingisda**

| Pangalan | Bilang |
|---|---|
| Lino |  |
| Rene |  |
| Isko |  |
| Raprap |  |
| Cardo |  |

Pananda :  = 3 isda

Mga Tanong:

1. Sino sa mga mangingisda ang may pinakamaraming nahuling isda?
   A. Si Rene
   B. Si Isko
   C. Si Cardo
   D. Si Raprap
2. Sino ang may pinakakaunting bilang ng nahuling isda?
   A. Si Raprap
   B. Si Lino
   C. Si Cardo
   D. Si Isko
3. Sino sa mga mangingisda ang may parehas na dami ng nahuling isda?
   A. Cardo at Rene
   B. Lino at Rene
   C. Lino at Cardo
   D. Isko at Raprap
4. Ilan ang kabuuang bilang ng mga isdang nahuli nina Lino, Raprap at Cardo?
   A. 10
   B. 20
   C. 30
   D. 40
5. Gaano karaming isda ang nahuli ni Rene at Raprap kaysa sa nahuli ni Cardo?
   A. 10
   B. 9
   C. 8
   D. 7

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Gamit ang talahanayan ng larawan, sagutin ang mga tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Naaning Talong ni Bert sa Loob ng Isang Linggo**

| Araw | Bilang |
|---|---|
| Lunes |  |
| Martes |  |
| Miyerkules |  |
| Huwebes |  |
| Biyernes |  |
| Sabado |  |
| Linggo |  |

Pananda:  = 10 talong

1. Ilan ang katumbas ng  ?
2. Anong araw ang may pinakamaraming ani?
3. Anong mga araw parehas ang dami ng naaning talong?
4. Ilang talong ang naani ni Bert sa araw ng Biyernes at Sabado?
5. Ilan ang dami ng talong ang naani ni Bert sa araw ng Lunes at Martes kaysa sa araw ng Biyernes?

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. C
2. D
3. A
4. B
5. C

**Balikan**

1. A
2. B
3. A
4. C
5. B

**Pagyamanin**

**A.**
1. A
2. C
3. D
4. B
5. C

**B.**
1. B
2. C
3. B
4. A
5. C

**C.**
1. Sabado
2. Martes at Biyernes
3. 15
4. 30
5. 25

**D.**
1. 24
2. 18
3. 6
4. 42
5. lalaki

**Isaisip**

1. talahanayan ng larawan
2. larawan o simbolo
3. non-routine problems
4. routine problems
5. pangunahing operasyon

**Isagawa**

1. Mansanas
2. 20
3. 15
4. 5
5. 15

**Tayahin**

1. B
2. A
3. C
4. C
5. B

**Karagdagang Gawain**

1. 10 talong
2. Miyerkules
3. Lunes, Martes at Linggo
4. 100
5. 30

# *Sanggunian*

Alvarez, Catherine E., Ellenbelle S. Bibi, Loreta I. Cepriaso, Simon L. Chua, at Roberto J. Degolacion. 2017. *Phoenix Math for the 21st Century Learners Grade 2*. Second Edition. Phoenix Publishing House, Inc.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Mathematics 2 Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Mathematics 2 Teacher's Guide Tagalog*. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

*Gabay Pangkurikulum ng Matematika sa Baitang 2*. 2016. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

*Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes/Suggested LRs.* n.d. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph